# Ang Yaman ng Mundo

## A. Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Iisa-isahin ng modyul ang mga kasalukuyang yaman, mula sa lupa at tubig. Tutulungan din nito ang mga mag-aaral na maunawaan ang kahalagahan ng mga yamang ito sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Tatalakayin din ng modyul ang mga papanumbalik at di-papanumbalik yaman. Isa pa tuturuan nito ang mga mag-aaral kung paano mangalaga ng mga likas na yaman.

Nahahati sa dalawang aralin ang modyul na ito:

Aralin 1—*Ang Ating Mga Likas na Yaman*

Aralin 2— *Matalinong Gamitin ang Ating Yaman*

## B. Anu-ano ang mga Matututuhan sa Modyul na Ito?

Pagtapos pag-aralan ang modyul, makakaya na ng mga mag-aaral na:

- magpaliwanag kung ano ang mga likas na yaman;
- tukuyin ang ating mga yamang lupa at tubig;
- pag-ibahin ang mga papanumbalik at di-napapnumbalik yaman; at
- isagawa ang pangangalaga at matalinong paggamit ng yaman.

## K. Gaano Katagal Matapos ang Modyul na ito?

Aabutin ka ng mga 10 oras upang matapos ang modyul na ito sa pag-aaral ng pang-grupong sesyon. Gayunman, ang pagugugol ng oras ay nakasalalay sa kakayahan ng mag-aaral na gawin ang iminumungkahing mga gawain sa pag-aaral.

# Mga Panimulang Gawain

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| **A. Panimula** | |
| Sasabihin sa mga mag-aaral na maglarawan ng mga bagay na nakikita nila sa kanilang bahay. | Ilalarawan ng mga mag-aaral ang mga bagay na nakikita nila sa kanilang bahay. |
| Sabihin:<br>May kaugnayan sa ating aralin sa modyul na ito ang mga bagay na nabanggit mo. | Aralin 1—Ang Ating Mga Likas na Yaman<br><br>Aralin 2— Matalinong Gamitin ang Ating Yaman |
| Matututuhan natin sa modyul na ito ang tungkol sa mga yaman. Ngayon, ano ang mga aralin sa modyul na ito? | |
| Basahin nang tahimik "Anu-ano ang mga Matututuhan mo sa Modyul na Ito?" | Babasahin ng mag-aaral ang "Anu-ano ang mga Matututuhan mo sa Modyul na Ito?" |
| Ipaliwanag sa mga mag-aaral kung ano ang kanilang dapat asahang matutuhan sa modyul na ito. | |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| **B. Panimulang Pagsasanay**<br><br>Sagutin ang *Alamin Natin ang Iyong Mga Natutuhan* sa pahina ng modyul.<br><br>Alamin kung tama ang mga sagot mo gamit ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina ng modyul. | <br><br>Sasagutin ng mga mag-aaral ang "Alamin Natin ang Iyong Mga Natutuhan."<br><br>Aalamin ng mga mag-aaral kung tama ang kanilang mga sagot gamit ang *Batayan sa Pagwawasto*. |

# Ang Ating Mga Likas Na Yaman

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| **A. Paghahanda** | |
| ♦ Anu-ano ang ilang bagay na ginagamit mo sa iyong pang-araw-araw na mga gawain? | ♦ Gumagamit ako ng tubig, karne, isda at gulay sa pagluluto. Kung minsan, pinapakain din ng mga prutas ang aking pamilya. |
| ♦ Nakaririnig ka ba ng ilang balita tungkol sa mga suliranin ng ating mga kalupaan at karagatan? | ♦ May balita na napakabilis nating winawasak natin ang ating kalupaan at karagatan. |
| ♦ Anu-ano ang mga sanhi ng mga suliraning ito? | ♦ Ang pagkawasak ng kapaligiran ay sanhi ng iba't ibang gawain ng tao tulad ng iligal na pangingisda, iligal na pagtotroso, pag-imbak ng basura at ilang kalamidad na dulot ng kalikasan o kapahamakan. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| ♦ Sa palagay mo ba'y makatutulong ka na ng mga suliraning ito? | ♦ Oo, makatutulong ako. |
| ♦ Nakahanda ka bang tumulong sa paglutas sa mga suliraning ito? | ♦ Oo, nakahanda ako. |
| (Sabihin sa ilang boluntir na magbahagi ng kanilang mga sagot sa mga mag-aaral.) | |
| Habang binabasa nating mabuti ang modyul matutukoy mo ang ilang mga likas na yamang ginagamit sa araw-araw. | |
| Kung may mga salitang hindi mo nauunawaan, tingnan ang kahulugan ng mga ito sa mga pahina ___. (Ipamahagi sa mga mag-aaral ang mga modyul.) | |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| **B. Mga Gawaing Debelopmental** | |
| ♦ Ano ang pamagat ng unang aralin? | ♦ Ang pamagat ng unang aralin ay "Ang Ating Mga Likas na Yaman." |
| ♦ Sa palagay mo, tungkol saan ang araling ito? | ♦ Sa palagay ko, ang araling ito ay magbibigay sa akin ng ilang impormasyon tungkol sa ating mga likas na yaman. |
| (Sabihin sa ilang boluntir na magbahagi ng kanilang mga sagot sa mga mag-aaral.) | Magbabahagi ang mga boluntir ng kanilang mga sagot sa mag-aaral. |
| Ang ating bayan ay napakayaman sa mga likas na yaman. Tingnan ang larawan sa *"Pag-aralan at Suriin Natin Ito"* sa pp. ______ at _____ ng modyul. | Sasagutin ng mga mag-aaral ang "Pag-aralan at Suriin Natin Ito"sa pp. _____ at _____. |
| ♦ Ano ang ipinakikita sa larawan? | ♦ Nakalarawan ang gubat. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| ♦ Ilang bagay sa larawan ang natukoy mo? | ♦ Natukoy ko ang anim na bagay sa larawan gaya ng mga ibon, puno, paruparo, usa, halaman at damo. |
| ♦ Ano ang tawag mo sa mga bagay na iyong binanggit? | Yamang lupa. |
| Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina ____. | Ihahambing ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto*. |
| Basahin ang teksto sa *Alamin Natin* sa pahina ____ hanggang ____ ng modyul. Matututuhan mo kung ano ang mga likas na yaman at ang kahalagahan ng mga ito sa ating pang-araw-araw na buhay. | Babasahin ng mga mag-aaral ang "Alamin Natin." |
| ♦ Tinutukoy ng ilang yamang lupa na nabanggit sa *Alamin Natin*. | ♦ Ang mga ito ay puno, prutas, gulay, mga halaman, mga hayop at ilang maliliit na hayop tulad ng bubuyog at paruparo. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| Sagutin ang *Magbalik-aral Tayo* sa pahina _____. Alamin kung tama ang mga sagot mo gamit ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina ng modyul. | Sasagutin ng mga mag-aral ang "Magbalik-aral Tayo." |
| Gawin ang simpleng pagsasanay sa *Pag-isipan Natin Ito* sa pahina ____. | Gagawin ng mga mag-aaral ang pagsasanay. |
| Bakit mahal ang alahas? | Dahil bihirang-bihira ang mga ito. |
| Basahin ang *Alamin Natin* sa pahina ____ ng modyul. Maaaring mayroon kang alam na ilang bagay tungkol sa mga mineral na ginagamit sa paggawa ng alahas. | Babasahin ng mga mag-aaral ang "Alamin Natin" |
| Anong materyales ang ginagamit sa paggawa ng alahas? | Brilyante, tanso, ginto at pilak. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| May mga mineral na may ibang pang gamit. Halimbawa ay tanso at bakal. Ginagamit ang tanso sa mga makinang de-kuryente at sa paggawa ng mga kasangkapang pangkusina. Ginagamit natin ang bakal para sa pagbubuo ng matibay na materyales at kagamitan.<br><br>(Maaaring interesado ang mga mag-aaral na malaman kung paano minimina ang mga mineral. Pero bago sabihin sa kanila, hayaan muna na hulaan nila. Kung mali o hindi ang kanilang sagot sapat, ipaliwanag ng maikli ang proseso ng pagmimina.<br><br>Gamit ang isang espesyal na instumento ay ginagawa ang pghuhukay sa lupa. Pagpasok ng mga minero sa hukay, gamit ang kanilang mga instrumento hinahanap nila ang mga mineral at | Titingnan ng mga mag-aaral ang ilustrasyon fossil fuels. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| kinukuha ang mga ito sa lupa.<br><br>(Kung hindi maintindihan ng husto nang mga mag-aaral ang ilustrasyon ng /fossil fuels, ipaliwanag ito sa kanila.)<br><br>Ang fossil fuels ang mga produkto ng mga prosesong nangyari sa loob ng libo-libo o milyun-milyong taon pa nga. Nagmula ang mga ito sa nabulok na mga halaman. Nagmula ang langis at likas na gaas sa nabulok na mga halaman at hayop. Lahat ng mga panggatong na ito ay napagyaman sa ilalim ng mga dagat noong unang panahon na natuyo na.<br><br>Sasagutin ang *Magbalik-aral Tayo* sa pahina ng modyul. Alamin kung tama ang sagot mo gamit ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. ____ ng ____ modyul. | <br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br>Sasagutin ng mga mag-aaral ang "Magbalik-aral Tayo." |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| Sabihin sa mga mag-aaral: | |
| Pagtapos pag-aralan ang mga yamang lupa, pag-aralan natin ang mga yamang tubig. Basahin ang *Alamin Natin* sa pp. _____ hanggang _____ upang mas maraming matutuhan tungkol sa mga yamang tubig. | Babasahin ng mga mag-aaral ang "Alamin Natin," sa pp. _____ hanggang _____. |
| Ano ang yamang tubig? | Mga bagay na nakukuha natin sa karagatan, ilog, dagat at sapa. |
| Anu-ano ang mga gamit ng tubig? | Iiinom panghugas o panlinis at iba pa. |
| Ano ang ibang paraan ng pagpapangkat-pangkat ng mga likas na yaman? | Napapanumbalik o di-napapanumbalik |
| Ano ang pagkakaiba ng mga napapanumbalik at di-napapanumbalik na yaman? | Ang mga napapanumbalik na yaman ay ang mga napapalitan matapos maubos. Halimbawa: tubig, lupa, damuhan mga halaman, mga puno at mga hayop. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| | Ang mga di-napapanumbalik na yaman ay mga hindi na napapalitan kapag ginamit na. Halimbawa ay mga panggatong gaya ng karbon, langis at gaas. |
| **C. Pagbubuod**<br><br>Ang mga likas na yaman ang mga bagay na nakukuha natin sa kalikasan. Maaari itong mula sa yamang lupa o tubig at maaari ding mauri-uri na napapanumbalik at di-napapanumbalik na yaman.<br><br>Pagbalik-aralan ang mga pangunahing pwesto ng unang aralin sa pamamagitan ng pagbabasa ng Tandaan Natin sa pahina ____ ng modyul. | Babasahin ng mga mag-aaral ay "Tandaan Natin" sa pahina ____. |
| **D. Aplikasyon**<br><br>Para masukat kung may natutuhan ka nga sa araling ito, sagutin ang Alamin Natin | Sasagutin ng mga mag-aaral ay "Alamin Natin" ay Iyong mga Natutuhan. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| ang Iyong mga Natutuhan sa mga pahina _____. | |
| Ihambing ang mga sagot mo *sa Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina ____ ng modyul. | Ihahambing nila ay ang kanilang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto.* |
| Tama ba lahat ang mga sagot mo? | Oo, tama lahat. |

# Gamitin Ang Ating Mga Likas Na Yaman

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| **A. Paghahanda**<br><br>Nagbibigay ang unang aralin ng ilang impormasyon tungkol sa ating mga likas na yaman at ang kahalagahan ng mga ito sa ating pang-araw-araw na buhay. Matututuhan mo ngayon kung paano pangalagaan ang mga yamang ito. | |
| ♦ Ano ang pamagat ng ikalawang aralin? | ♦ Ang pamagat ng ikalawang aralin ay Matalinong "Gamitin ang Ating mga Likas na Yaman." |
| ♦ Sa palagay mo tungkol saan ang araling ito? | ♦ Sa palagay ko ang araling ito ay magsasabi sa akin kung ano ang maitutulong ko sa pangangalaga ng ating mga likas na yaman. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| (Sabihin sa ilang boluntir na magbahagi ng kanilang mga sagot sa buong klase.) | |
| **B. Mga Gawaing Debelopmental** | |
| Tunghayan ang pahina ____ ng modyul. | Bubuksan ng mga mag-aaral ang kanilang modyul sa pahina ____. |
| Sabihin sa mga mag-aaral na basahin ang komik istrip sa "*Basahin Natin Ito*. | Babasahin ng mga mag-aaral ang komik istrip. |
| ♦ Ano ang suliranin ng pamilya? | ♦ Nagkakaroon ng kakulangan sa tubig ang pamilya. |
| ♦ Ganyan din ba ang suliranin ng pamilya mo? | ♦ Oo, kulang din kami sa tubig. |
| Gamit ang komik istrip bilang gabay, sagutin ang *Pag-isipan Natin Ito* sa pahina ____ ng modyul. Ihambing ang mga sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina ____. | Sasagutin ng mga mag-aaral ang "Pag-isipan Natin Ito." Pagkatapos ihahambing nila ang kanilang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto*. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| Basahin ang *Alamin Natin* sa pahina ____ hanggang ____ ng modyul. (Habang pinag-aaralan ang *Alamin Natin*, sabihin sa mga mag-aaral na balikan ang kahalagahan ng mga likas na yaman na pinag-aralan sa Aralin 1.) | Babasahin ng mga mag-aaral ang "Alamin Natin." |
| ♦ Ano ang ilang gawi na nakakawasak ng ating kalupaan karagatan? | ♦ Ang muro-ami, pagdidinamita at pangingisda na gamit ang *cyanide*, pagkakaingin at pagtatapon ng basura ay ilang gawi na nakakawasak ng ating kalupan at karagatan. |
| Sundin ang ipinapagawa sa iyo sa *Subukan Natin Ito* sa pahina ___. Alamin kung tama ang sagot mo gamit ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina ____ ng modyul. | Gagawin ng mga mag-aaral ang pagsasanay sa "Subukan Natin Ito"at pagkatapos ay ihahambing ng kanilang mga sagot gamit ang *Batayan sa Pagwawasto*. |
| Magpatuloy sa pagbabasa ng *Alamin Natin* sa pahina ____ ng modyul. | |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagturuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| **K. Pagbubuod**<br><br>Kapag namatay o naging marumi ang karagatan, mawawalan tayo ng mapagkukunan ng pagkain at ligtas na inuming tubig. Pero hindi pa huli ang lahat. Maaari pa nating iligtas ang ating kagubatan at karagatan na nagbibigay sa atin ng iba't ibang pangangailangan. Dapat nating mapangalagaan hindi lamang ang ating gubat kundi pati na ang mga yamang nakukuha natin mula sa mga ito.<br><br>Basahin ang *Tandaan Natin* sa pahina ____ ng modyul. | <br><br><br><br><br><br>Babasahin ng mga mag-aaral ang Tandaan Natin. |
| **D. Aplikasyon**<br><br>Sagutin ang pagsasanay sa *Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan* sa pahina ____. | <br><br>Gagawin ng mga mag-aaral ang pagsasanay sa "Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan." |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| ♦ Nasiyahan ka ba sa gawain?<br><br>Alamin kung tama ang mga sagot gamit ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina _____ ng modyul. | ♦ Oo, nasiyahan ako.<br><br>Aalamin ng mga mag-aaral kung tama ang kanilang mga sagot gamit ang *Batayan sa Pagwawasto*. |

## Mga Panghuling Gawain

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| **A. Magbalik-aral: Ibuod Natin (Aralin 1 at 2)** | |
| Basahin ang *Ibuod Natin* sa pahina ng modyul. | Babasahin ng mga mag-aaral ang 'Ibuod Natin." |
| ♦ Natuto ka ba nang husto sa modyul? | ♦ Oo, natuto ako ng husto. |
| **B. Panghuling Pagsasanay** | |
| Sagutin ang *Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?* sa pahina ____ ng modyul. | Sasagutin ng mga mag-aaral ang "Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?" |
| Alamin kung tama ang mga sagot mo gamit ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina _____ ng modyul. | Aalamin ng mga mag-aaral kung tama ang kanilang mga sagot gamit ang *Batayan sa Pagwawasto.* |
| Basahin ang pidbak ng mga mag-aaral. | Makikinig ang mga mag-aaral sa Tagapangasiwa sa Pagtuturo habang binabasa sa kanila ang mga pidbak. |

| Mga Gawain ng Tagapangasiwa sa Pagtuturo | Mga Gagawin ng mga Mag-aaral |
|---|---|
| Narating na natin ang katapusan ng modyul. Inaasahan kong marami kayong natutuhan dito. Binabati ko kayo! Maaari na ninyong pag-aralan ang susunod na modyul. | |